

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Magkaroon ng Karanasan sa Brampton! Binubuo ng Lungsod ng Brampton ang una nitong Estratehiya sa Turismo

BRAMPTON, ON (Hunyo 3, 2020) – Bilang lumilitaw na destinasyon ng turismo at cultural hotspot, ipinagmamalaking ianunsyo ng Lungsod ng Brampton na ang 5 taon na Estratehiya sa Turismo ay binubuo ng mga consultant na Bannikin Travel & Tourism at ng Culinary Tourism Alliance.

Ang isang mahalagang component ay palalahukin ang mga residente, mga bisita, mga stakeholder ng turismo, at mga kinatawan ng industriya, kabilang ang mga operator ng lokal na atraksyon, kultural na mga institusyon, mga producer ng event, mga tagabigay ng akomodasyon, at mga manager ng restawran para sa komento na makakatulong sa paggabay ng pagbuo ng estratehiya.

Ang estratehiya ay tutugon sa mga epekto ng COVID-19 pandemic sa sektor ng turismo ng Brampton at tutukoy sa mga oportunidad para mapaangat ang lokal na turismo, kung saan ang mga residente ay maaaring magbiyahe sa loob at sasali sa kanilang sariling lungsod. Ayon sa Tourism Information Association ng Ontario, ang lokal at rehiyonal na turismo ay inaasahang maging isang mahalagang tagaambag ng pangmaikling panahong pagbangon sa ekonomiya ng Ontario.

Ang estratehiya ay aayon sa Pangunahing Plano sa Kultura (Culture Master Plan), Estratehiya sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya, at kamakailan lamang na aprubadong Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ng Lungsod. Ang bawat estratehiya ay kumikilala sa sining, kultura, at turismo bilang pundasyon ng isang resilient at kompetitibong Brampton.

Nilalayan ng Lungsod na ipresenta ang unang Estratehiya sa Turismo ng Brampton sa Konseho ng Lungsod ng Brampton sa winter 2020. Bisitahin ang www.brampton.ca/tourism para sa mga bagong impormasyon.

Tungkol sa Bannikin Travel & Tourism

Ang Bannikin Travel & Tourism ay isang consulting firm sa Toronto na inilalaan sa pag-develop ng destinasyon, pag-develop ng travel trade, content at mga media relation, na nag-specialize sa pangkaranasang turismo at responsableng pagbibiyaha.

Sinuportahan kamakailan ng Bannikin ang katulad na mga proyekto para sa Visit Oakville, sa Lungsod ng Orillia at Grey County, at kasalukuyang nagkokonsulta sa mga estratehiya ng pagbangon ng turismo para sa Peterborough & sa Kawartha at Prince Edward County.

Tungkol sa Culinary Tourism Alliance

Ang Culinary Tourism Alliance ay isang not-for-profit na organisasyon sa pagpapaunlad ng turismo sa pagkain na nasa Toronto. Ang misyon nito ay maging tulay sa agwat sa pagitan ng industriya ng pagkain at inumin at industriya sa pagbibiyahe sa pamamagitan ng pagpapatuloy na maging isang pandaigdigang lider sa destinasyon at pagpapaunlad ng turismo sa pagkain.

Mga Quote

“Nananabik akong suportahan ang pagbuo ng unang Estratehiya ng Turismo sa Brampton. Ang umpisang trabaho sa estratehiya na ito ay isang milestone sa pagtulong sa ating lungsod na makabawi mula sa krisis na dulot ng COVID-19. Ang ating komunidad ay hitik sa talento at ang ating lungsod ay puno ng nakatagong mga hiyas, at iniimbitahan ko ang lahat na magkaroon ng karanasan sa Brampton!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga Bramptonian, mga stakeholder at mga eksperto sa industriya ay nagsama-sama para hubugin ang unang Estratehiya sa Turismo ng ating Lungsod. Ang pakikilahok ay napakahalaga sa paghubog ng mga solusyon para sa pangmatagalang pagbangon ng ekonomiya, lalo na habang lumilitaw tayo mula sa pandemic na ito. Inaasahan ko ang pag-highlight sa Brampton bilang isang destinasyon at cultural hotspot para sa kapwa mga residente at mga bisita.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10, Lungsod ng Brampton; Chair, Corporate Services*

“Ang Brampton ay isang masiglang lungsod na hitik sa sining at kultura. Ang ating mga negosyo, mga event, at mga parke ay iilan lamang sa mga katangian ng magandang lungsod na ito na nagbubukod sa atin. Ang unang Estratehiya sa Turismo ng Lungsod ay gagabay sa atin sa pagbangon ng ekonomiya kasunod COVID-19, at magpapakintab sa maliwanag na ilaw sa ating komunidad na karapat-dapat dito.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton, Vice-Chair, Corporate Services*

“Kinuha ng Turismo ng Lungsod ng Brampton at ng Film Office ang mga eksperto sa Bannikin Travel & Tourism at sa Culinary Tourism Alliance para makalikha ng isang matibay na balangkas para sa turismo sa Brampton. Tutugunan ng Estratehiya sa Turismo ang pangmaikli at pangmatagalang pag-unlad ng Brampton, na tumutuon sa pagbangon ng ekonomiya at hyperlocal na mga inisyatiba na kaayon sa Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca